# CASER: Repormang Sosyo-Ekonomiko Tungo sa Kapayapaan



Praymer sa panukalang Kasunduan sa Repormang Panlipunan at Pang-Ekonomiya (Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms o CASER) sa pagitan ng Gobyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP)

Sa pag-upo sa pwesto ni Pangulong Rodrigo Duterte, muling bumukas ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gobyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at ng rebolusyonaryong kilusang pambansa demokratiko na kinakatawan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa negosasyon. Layunin ng usapan na makamit ang makatarungan at matagalang kapayapaan sa pamamagitan ng pagresolba sa mga ugat ng armadong labanan.

May apat na sustantibong adyenda ang usapang pangkapayapaan:

1.) pagrespeto sa karapatang pantao at international humanitarian law;
2.) repormang panlipunan at pang-ekonomiya;
3.) repormang pampulitika at konstitusyunal; at
4.) pagtigil ng labanan at disposisyon ng mga pwersa.

Ang bawat adyenda ay may kaakibat na mga kasunduan. Noong 1999, pinirmahan ang unang kasunduan, ang Comprehensive Agreement on the Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Sa praymer na ito, pagtutuunan natin ng pansin ang panukalang kasunduan patungkol sa ikalawang sustantibong adyenda: ang Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER).

**1. Ano ang CASER?**

Ito ang binubuong kasunduan sa pagitan ng GRP at ng NDFP kaugnay ng mga repormang panlipunan at pang-ekonomiya. Itinuturing itong pinaka-ubod ng usapang pangkapayapaan dahil lalamanin nito ang mga

kongkretong hakbang upang lutasin ang mga suliranin ng kahirapan, pagka-atrasado at kawalan ng hustisyang panlipunan na nasa kaibuturan ng armadong labanan.

Bago natapos ang ikalawang round ng peace talks noong Oktubre 2016, nakapagbuo ng pinagkaisahang balangkas ng CASER ang magkabilang panig. Nilaman nito ang saklaw at balangkas ng CASER na bubuuin sa ikatlong round ng peace talks.

Ang bawat panig ay may kani-kaniyang panukala na sisikapin nilang pagkaisahin sa isang kasunduan. Kapag napirmahan na ang pinagkaisang kasunduan, ang CASER ay ipapatupad ng bawat panig sa kani-kaniyang saklaw ng kapangyarihan at awtoridad.

**2. Ano ang saklaw ng CASER?**

Ang mga patakarang sosyo-ekonomiko ang siyang nagtatakda kung paano gagamitin ang kayamanan ng isang bansa para sa pag-angat at kapakinabangan ng lahat, kung hindi man ng mas nakararami. Kabilang rito ay ang mga usapin tulad ng pagmamay-ari ng lupa, halaga ng sahod, laki ng tubo, presyo ng mga bilihin, sistema ng pagbubuwis, mga regulasyon sa pamumuhunan, kalakalan, pautang, at pagpapaunlad ng iba't-ibang sektor ng ekonomiya (agrikultura, industriya, serbisyo). Kasama rin dito ang mga patakaran kaugnay ng mga batayang karapatan sa kalusugan, pabahay, edukasyon, tubig, kuryente, transportasyon, komunikasyon, kultura, at iba pa. Samakatuwid, ito'y mga patakarang may direktang kinalaman sa sikmura at pang-araw araw na kagalingan ng karaniwang mamamayan.



Sa matagal na panahon, ang mga patakarang sosyo-ekonomiko na ipinapatupad ng GRP ay pabor lamang sa mga malalaking at monopolyo kapitalistang dayuhan at iilang mayayaman at makapangyarihang pamilya (oligarkya), bagay na nagdudulot ng matindi at malawakang kahirapan, pagsasamantala at pang-aapi, laluna sa masang anakpawis. Sa pamamagitan ng CASER, maitutulak ang pagbabago sa anti-mamamayang sistemang ito.

**3. Paano isasalarawan ang kasalukuyang patakarang sosyo-ekonomiko ng gobyerno?**

Sa nakaraang tatlo at kalahating dekada, ang "neoliberal" na doktrinang ekonomiko ang namayani sa kabuuan ng mga patakarang sosyo-ekonomiko ng GRP. Sa ilalim ng neoliberalismo, binibigyan ng buong layaw ang pribadong kapital, laluna ang mga dayuhang monopolyo kapitalista, na dambungin ang ekonomiya ng bansa habang tinatanggal ang anumang kakayanan ng gobyerno at mamamayan na sagkaan ito.

Tampok sa mga patakarang neoliberal ay ang pagbukas ng ating ekonomiya sa walang habas na paglabas-masok ng mga dayuhang produkto at kapital (liberalisasyon), pagliit ng badyet sa serbisyong panlipunan at pagsasapribado ng mga pampublikong pag-aari at serbisyo (pribatisasyon), pag-alis ng mga regulasyon sa operasyon

ng mga pribadong negosyo at pagkamal nila ng tubo (deregulasyon), tuluyang paglusaw ng lokal na produksyon at ekonomiya at dominasyon ng dayuhang kapital (denasyunalisasyon) at pagpasan ng bigat ng pagbubuwis sa malawak na mamamayan (regressive taxation).

Sa tabing ng salitang "globalisasyon," ang mga patakarang ito ay dinikta ng mga dayuhang imperyalista, sa pangunguna ng Estados Unidos at mga ahensyang pandaigidigan na dominado nito tulad ng International Monetary Fund (IMF), World Bank (WB) at World Trade Organization (WTO), upang panatilihing ang Pilipinas bilang pinagkukunan ng murang hilaw na materyales, balon ng murang lakas paggawa, at merkado ng sobrang produkto at kapital ng malaki at mauunlad na kapitalistang bansa. Kasabwat nila ang mga lokal na malalaking negosyante, malaking panginoong maylupa at mga burukrata kapitalista (korap na matataas na opisyal ng gobyerno) sa sistematikong pandarambong sa ating ekonomya, likas yaman at lakas paggawa.

Habang kumakamal ng limpak-limpak na tubo ang mga dayuhan at naghaharing uri, sadlak naman sa kahirapan at pinagkakaitan ng demokratikong karapatan ang mamamayan -- ang mga manggagawa't malamanggagawa, magsasaka, mangingisda, katutubong komunidad, pambansang minorya, karaniwang empleyado't propesyunal at maliliit na negosyante. Kulang na kulang ang trabaho at kabuhayan, napakataas ng presyo ng mga bilihin at serbisyo, korap at hindi maasahan ang gobyerno. Dahil dito, milyun-milyon sa ating mga kababayan ang napupwersang mangibang bayan para lamang maitaguyod ang kanilang mga pamilya.

Kung hindi mababago ang ganitong patakaran at kalakarang sosyo-ekonomiko, hindi uunlad ang bansa, mananatiling walang pagkakapantay-pantay at hindi makakamit ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan. Magpapatuloy ang mga sigalot at armadong tunggalian sa lipunan, pangunahin ang armadong rebolusyon na pinamumunuan ng Communist Party of the Philippines (CPP)-New People's Army (NPA) at kinakatawan ng NDFP.

**4. Paanong mababago ng CASER ang mga mapaminsalang patakaran at kalakarang ito?**

Magiging makabuluhan lamang ang CASER kung ito'y magdudulot ng pagbabago sa kasalukuyang neoliberal na patakaran at mga programa ng gobyerno. Sa usaping ito, akma ang panukalang CASER ng NDFP dahil layunin nitong talikuran ang mga patakarang neoliberal ng GRP at ipatupad ang mga proyekto at programang mag-aangat sa kalagayan ng batayang masa at mas malawak na mamamayan.

**5. Ano ang nilalaman ng CASER patungkol sa pambansang ekonomiya?**

May tatlong mayor na programa ang CASER sa pagpapaunlad ng pambansang ekonomiya:

***A. Repormang agraryo at pag-unlad ng kanayunan***

Susi sa pag-unlad ng pambansang ekonomiya ang pagwakas ng monopolyo sa lupa ng malalaking panginoong maylupa, pag-angat ng kabuhayan ng maliliit na magsasaka at mangingisda, at pagpapaunlad ng agrikultura at pangisdaan.




Sa panukalang CASER ng NDFP, ipapamahagi ng libre ang lupang agrikultural sa mga magsasakang walang lupa na nais magbungkal nito. Kukumpiskahin ang mga lupang kinamkam ng mga dayuhang korporasyon at mga despotikong panginoong maylupa. Ang malalaking plantasyon at corporate farms ay ililipat sa pag-aari ng mga kooperatiba o asosayson ng mga magsasaka at manggagawang bukid.

Bibigyan ng karampatang kompensasyon ang mga may-ari ng lupang ipapamahagi at papayagang magsaka ng hanggang limang ektarya sa kanilang dating pag-aari. Mas mataas ang bayad sa lupa ng mga propesyunal, OFW at retiradong empleyado na nakapagpundar ng hindi hihigit sa 15 ektarya sa loob ng 10 taon.

Ang mga magsasakang makakatanggap ng lupa ay bibigyan ng pamahalaan ng libreng irigasyon at mga imprastruktura at pasilidad sa produksyon at pagmemerkado, subsidyo sa binhi at kagamitan, crop insurance, murang pautang at suportang teknikal sa tulong ng kanilang mga kooperatiba at asosasyon. Titiyakin ang nakabubuhay na sahod, sapat na benepisyo at karapatang pag-uunyon ng mga manggagawang bukid. Kikilalanin ang karapatan ng maliliit na magsasaka na makinabang sa coco levy fund, sugar amelioration fund at tobacco excise tax.

Ipagbabawal ang land use conversion, usura, pagtatayo ng kampong militar sa mga lupang saklaw ng repormang

agraryo at malakihang importasyon ng mga produktong agrikultural na makakapinsala sa kabuhayan ng magsasaka.

Saklaw ng repormang agraryo ang mga lupa at tubig pang-pangisdaan. Ang mga palaisdaan, fish pen at fish cage higit sa tatlong ektarya ay ibabalik sa pagiging kumon na pangisdaan o kaya'y ipapamahagi sa mga kooperatiba o asosasyon ng mga maliliit na mangingisda. Ipagbabawal ang malalaking commercial opereytor (barkong 10 tonelada pataas) sa loob ng 15 kilometrong municipal fishing grounds.

Payayabungin ang mga industriyang pang-kanayunan, kabilang ang industriya ng niyog, asukal, karne, gatas, tobacco, abaca, isda, pagpoproseso ng pagkain, asin, seaweed at iba pa.

### *B. Pambansang industriyalisasyon at pag-unlad ng ekonomiya*



Katuwang ng repormang agraryo ang pagtataguyod ng mga industriyang Pilipino para sa paglikha ng mga kagamitan sa produksyon at produktong pang-araw-araw gamit ng ating mamamayan. Sa pag-unlad ng sektor ng industriya at pagmamanupaktura, dadami ang bilang ng de-kalidad na trabaho, tataas ang sahod ng mga manggagawa, uunlad ang siyensiya at teknolohiya, at aangat ang antas ng pamumuhay ng sambayanan.

Sa panukalang CASER ng NDFP, titiyakin ang pag-aari at kontrol ng mamamayang Pilipino sa ekonomiya upang matiyak na ito'y nagsisilbi sa pambansang interes at pangangailangan. Lilimitahan sa 40% ang pagmamay-ari ng dayuhan sa anumang negosyo.

Pangunahing salik sa pag-unlad ng ekonomiya ang pagtataguyod ng mabibigat na industriya at mataas na teknolohiya. Kaugnay nito, isasabansa at ilalagay sa pag-aari o kontrol ng pamahalaan ang mga estratehikong industriya ng kuryente, tubig, pagmimina, langis, transportasyon at telekomunikasyon. Titiyakin na ang mga ito'y nagbibigay ng sapat, mura at de-kalidad na serbisyo at produkto sa malawak na bilang ng mamamayan at nagluluwal ng pag-unlad sa marami pang sektor ng ekonomiya.

Titiyakin din na ang mga susing industriya ay nasa pag-aari at kontrol ng mga Pilipino, kabilang ang mga industriya ng bakal, kemikal, makina, electronics, gamot, tela at damit, pagkain at inumin, sasakyan, gamit at makinang pansakahan, at mga batayang produktong pangkonsyumer. Bubuwagin ang mga kartel at kukumpiskahin ang mga malalaking kumpanyang pag-aari ng mga dayuhan at malalaking Pilipinong komprador upang pagsilbihin sa programa ng pambansang industriyalisasyon. Sa halip na maging instrumento ng pandarambong, ang mga ito'y patatakbuhin batay sa pangangailangan ng mamamayan at lokal na ekonomiya.

Mahalaga rin ang matibay na ugnayan at tulungan ng malalaking industriya sa maliliit at katamtamang laking negosyo. Bibigyan ng pagkakataon ang mga may-ari ng micro, small at medium enterprises (MSMEs) na umunlad sa pamamagitan hindi lamang ng pagbaba ng gastos sa produksyon (kuryente, langis, tubig, telekomunikasyon

at imprastraktura) kundi, kumprehensibong suporta sa pautang, teknolohiya, distribusyon at pagmemerkado ng kanilang mga produkto. Huwag nang sabihin pa, tatanggalan ng mga pabigat mula sa gubyerno ang mga MSMEs tulad ng korapsyon, burukratikong red tape at walang katuturang regulasyon at mga pabigat na buwis.

***K. Proteksyon sa kalikasan at rehabilitasyon at kompensasyon sa mga napinsala***



Hindi uunlad ang ekonomiya kung hindi babaliktarin ang deka-dekadang pandarambong sa likas na yaman ng bansa at ang dulot nitong pagkawasak sa kalikasan at komunidad. Kailangang makabawi ang mga nasirang kalupaan, kagubatan, hangin, karagatan at mga tubig dulot ng nakasisirang paraan ng produksyon, polusyon, kapabayaan at natural na kalamidad. Mahalagang protektahan ang mga natitira pa.

Sa panukalang CASER ng NDFP, ipahihinto ang nakasisirang gawain tulad ng malawakang paghahawan ng gubat, open-pit mining, reklamasyon at plantasyon. Ipagbabawal ang pagtotrosong pang-eksport, pagtatambak ng basura mula sa ibang bansa, at mga peligrosong produkto at gawain sa agrikultura. Kasama sa ipagbabawal ang mga aksyong militar ng gobyerno at dayuhang tropa na nakakapinsala sa komunidad at kalikasan, pati ang pagpasok ng mga armas nukleyar, biological at kemikal.

May diin ang CASER sa paglilimita ng pagmimina. Titiyaking nakatuon ito sa pangangailangan ng pambansang industriyalisasyon at gumagamit ng paraang hindi nagdudulot ng malawakang pagkasira sa kalikasan. Ipagbabawal ang pagmimina sa mga isla, dalampasigan, pangunahing gubat at watershed area, at lupang pang-agrikultura.

Titiyakin ang rehabilitasyon at kompensasyon sa mga komunidad at indibidwal na biktima ng mga kalamidad at aksidenteng pangkalikasan.

### 6. Ano ang nilalaman ng CASER patungkol sa karapatan pang-ekonomiya, panlipunan at pang-kultura ng mamamayan?

May tatlong mayor na bahagi ang CASER sa usapin ng paggalang sa mga karapatang ito:

#### *A. Paggalang sa karapatang ng mga anakpawis at inaaping sektor*




Sa panukalang CASER ng NDFP, kinikilala at pinanga-ngalagaan ang mga pang-ekonomyang karapatan ng mga magsasaka, manggagawang bukid, mangingisda, manggagawa (lokal at OFW), mala-manggagawa, empleyado, propesyunal at kanilang mga pamilya. Pangunahin dito ang seguridad sa trabaho at kabuhayan, nakabubuhay na sahod, pagsali sa mga organisasyon at unyon, sapat at de-kalidad na serbisyong pampubliko,

maagang pagtugon ng gobyerno sa kanilang mga hinaing, at kalayaan sa matataas na buwis at bayarin ng gobyerno.

Ginagarantiyahan rin ang karapatan ng ilang ispesyal na sektor:

Kababaihan - pantay na pagtrato sa lahat ng aspeto ng trabaho at kabuhayan, sa pagpapagaan ng gawaing bahay at pampamilya, sa reproductive health at sex education, sa anim na buwang maternity leave with pay pati paternity leave, proteksyon sa diskriminasyon at karahasan, same sex marriage, diborsyo at iba pa.

Mga bata - karapatan sa tamang pag-aruga pangunahin sa pagtiyak na ang kanilang mga magulang ay may sapat na trabaho at kabuhayan. Tinitiyak ang karapatan sa pagkain at kalusugan, ayuda laluna sa mga batang lansangan, at pagwakas ng mapagsamantalang pagpapatrabaho sa bata at karahasang pisikal at sekswal.

Nakatatanda - suportang pinansyal at serbisyo upang sila'y manatiling aktibo at produktibong bahagi ng lipunan, kasama ang sistema ng pensyon para sa lahat ng nakatatanda at mga pasilidad at serbisyo sa komunidad na pang-nakatatanda.

May kapansanan - karampatang serbisyo at pagsasanay ng mga may kapansanan upang sila'y maging produktibo at nagagamit ng husto ang kanilang mga kakayahan; pantay na oportunidad sa pagtrabaho.

Kinikilala ng panukalang CASER ng NDFP ang sumusunod bilang karapatan ng masang anakpawis at mamamayan:

Serbisyong panlipunan - kasama ang pagbaliktad ng patakaran ng pambabarat ng pampublikong pondo at sa pagsasapribado ng mga serbisyong panlipunan at pagtiiyak na ito'y naigagawad sa mga pambansang minorya.

Edukasyon - kasama ang libreng edukasyon hanggang kolehiyo at technical-vocational sa pangunguna ng mga pampublikong paaralan, at pagtaguyod sa isang makabayan, siyentipiko, makamasa at demokratikong sistema ng edukasyon. Ititigil ang programang K-12, titiyakin ang nakabubuhay na sahod at libreng pagsasanay sa mga guro at non-teaching personnel, at ang pagrespeto sa mga demokratikong karapatan at kagalingan ng mag-aaral. Titiyakin ang karapatan sa edukasyon ng mga pambansang minorya na may pagpapahalaga sa kanilang sariling kultura at tradisyon.

Kalusugan - pagtaguyod ng pangakalahatang sistema ng libre at de-kalidad na serbisyong pangkalusugan para sa lahat at paghinto sa patakaran ng pagsasapribado ng mga pampublikong ospital at serbisyo. Bibigyan ng prayoridad ang preventive medicine, nutrisyon at pagpaplano ng pamilya. Titiyakin ang pagkakaroon ng mga doktor at manggagawang pangkalusugan lalu-na sa kanayunan at itataas ang kanilang mga sahod at benepisyo. Tatratuhin bilang isyung pangkalusugan ang usapin ng bawal na droga at gagawan ng angkop at epektibong programa ng rehabilitasyon ng mga biktima nito.

Pabahay - itatag ang isang kumprehensibo at pambansang programa sa pabahay para sa masa, lalu na sa maralitang lungsod, manggagawa't mala-manggagawa. Ang mga maralitang komunidad ay hindi basta-bastang idedemolis kung walang karampatang programa sa

on-site o in-city relocation at sapat na tulong sa paglilipat, pabahay, kabuhayan at mga serbisyo.




Tubig - titiyakin ang karapatan sa sapat at ligtas na tubig at serbisyong sanitasyon kasama ang pagbabaliktad ng patakaran sa pagsasapribado ng serbisyo sa tubig.

Kuryente - titiyakin ang sapat at murang kuryente sa pamamagitan ng pagbaliktad sa patakarang sa pagsasapribado at deregulasyon ng industriya ng kuryente sa ilalim ng ibabasurang Electric Power Industry Reform Act (EPIRA). Ibabalik ang papel ng National Power Corporation bilang pangunahing tagapamahala ng industriya mula paglikha hanggang distribusyon ng kuryente. Itutulak ang paggamit ng mga renewable energy sources sa iba't-ibang komunidad at kooperatiba ng kuryente.

Pangmaramihang transportasyon - isusulong ang kumprehensibong programa sa pangmaramihang transportasyon sa buong bansa, kabilang ang pag-aayos ng sistema ng trapik at regulasyon sa pamasahe. Babaliktarin ang patakarang pagsasapribado ng LRT at MRT, mga tollway, pier, paliparan at iba pang imprastruktura.

Komunikasyon - tatratuhin ang komunikasyon bilang serbisyo publiko at titiyakin ang daan sa mura at maaasahang serbisyong komunikasyon at impormasyon,

kasama ang libreng internet at daluyan ng tradisyunal na midya at social media.

Pamamahala sa basura - ang maayos na pangongolekta, paghihiwalay, pag-recycle at pagtapon ng basura ay ipapasailalim sa pag-aari at kontrol ng gobyerno. Hihimukin at tutulungan ang mga komunidad na magtatag ng pasilidad sa recycling, composting at iba pa.

Paghahanda at pagresponde sa sakuna - titiyakin ang maaga at sapat na paghanda at mabilis na pagresponde sa mga sakuna at kalamidad, at kumprehensibong rehabilitasyon ng mga nasalantang komunidad. Bahagi rito ang paglalatag ng isang civil defense system na binubuo ng iba't-ibang samahang sibilyan sa komunidad.

### *B. Pagpapalaganap ng makabayan, progresibo at makamasang kultura*

Sa panukalang CASER ng NDFP, binibigyang pansin ang mga problemang ng atrasado, kolonyal, elitista at makasariling kaisipan at kulturang iniluwal ng panlipunang krisis at pinalala ng neoliberalismo. Kaugnay nito, isusulong ang isang kumprehensibong programa na magtataguyod ng isang mapagpalaya, makabayan, siyentipiko at makamasang kultura. Bahagi nito ang mga reporma sa sistema ng edukasyon, midya at komunikasyon, agham at teknolohiya, sining at literatura, relihiyon, mga pagpapahalaga, lengguahe at simbolo, palakasan at libangan.

Ilan sa mga partikular na panukala ng NDFP sa larangang ito ang sumusunod:

*Edukasyong makabayan, siyentipiko at makamasa* - Babaguhin ang kurikulum, mga libro, materyales at pagsasanay sa paaralan upang ituro ang tamang kasay-

sayan mula sa punto de bista ng pakikibaka ng mamamayang Pilipino. Bibigyang diin ang pagmamahal sa bayan, pagpapahalaga sa ating mayamang kultura at mga tradisyon tungo sa higit pang pagpapaunlad nito. Sa mga baranggay, bibigyang prayoridad ang maagang edukasyon na maglilinang ng pantay na pagtrato sa mga kasarian, pagpapahalaga sa komunidad at sa kalikasan. Ipapatupad ang mga programa sa pagbabasa at pagsusulat sa bawat baranggay.




*Progresibo at maka-mamamayang midya* - Ang industiya ng musika, pelikula, broadcasting, paglilimbag at software ay titiyaking nagbibigay ng maaasahang impormasyon at pagsusuri at humimok ng kritikal na pag-iisip at positibong pagkilos ng mamamayan. Sa larangan ng pampublikong impormasyon, susuportahan at popondohan ng gobyerno ang pagtatayo ng mga “people’s media organizations” upang malayang maipapahayag nila ang mga tunay na kalagayan, interes at hangarin ng taumbayan. Titiyakin naman na ang pribadong media networks ay maglalaan ng oras at lugar para sa mga programang may progresibo at makabayang paksa. Sa lahat ng ito, gagarantiyahan ang kalayaan sa pananalita, pamamahayag at impormasyon. Ititigil ang censorship, aalisin ang kriminal na aspeto ng libel, at titiyakin ang pagpasa ng isang batas sa freedom of information na sasaklaw sa tatlong sangay ng pamahalaan.

*Makabayan, progresibo at makamamamayang sining at literatura* - Titiyakin ang sapat na pondo para sa produksyon ng mga sining biswal, musika, literatura, teatro, pelikula at iba pang disiplinang pansining, na naglalaman ng mga kalagayan at hangarin ng mamamayan. Itatatag ang mga "Community Centers for Culture and the Arts" sa antas rehiyon, lungsod at baranggay upang mapaunlad ang gawaing pangkultura sa malawak na hanay ng mamamayan. Pauunlarin ang paggamit ng Filipino bilang pambansang wika habang sinusuportahan ang paggamit ng iba pang wikang Pilipino sa mass midya, edukasyon at literatura. Titiyakin ang suporta sa paglilimbag ng literatura at iba pang sulatin sa mga wikang ito. Ipagbabawal ang pagsira at pagkamkam ng mga lugar at bagay na makabuluhan sa ating kultura.

*Karapatan at kagalingan ng mga guro, manggagawa sa midya, sining at kultura* - Igagalang ang karapatan sa usapin ng seguridad sa trabaho, nakabubuhay na sahod at pagbubuo ng organisasyon ng mga manggagawa sa larangan ng edukasyon, sining at kultura, gayundin ng kanilang mga karapatang sibil at pampulitika. Titiyaking maitayo ang mga pambansang unyon na magtatakda ng mga pamantayan para sa kanilang kagalingan, kakayanan at etika upang maiwasan din ang pang-aabuso at korapsyon. Titiyakin ng gobyerno ang pagbayad ng equity fees ng mga dayuhang artista o nagtatanghal at iba pang proteksyon sa industriya.

### ***K. Pagkilala sa lupang ninuno at teritoryo ng mga katutubo at pambansang minorya***

Sa panukalang CASER ng NDFP, kinikilala na mula panahon ng mga Kastila hanggang sa kasalukuyan, biktima

ang mga katutubong mamamayan (indigenous peoples) at Bangsamoro ng pinakamatinding diskriminasyon, pagsasamantala at pang-aapi. Inagaw at patuloy na inaagaw sa kanila ang kanilang lupang ninuno, winawasak ang kanilang mga komunidad at sinasalaula ang kanilang kultura.

Upang itama ang makasaysayang pagkait sa kanila ng katarungan, gagarantiyahan at bibigyang daan ang kanilang karapatan sa sariling pagpapasya at kalayaang isulong ang pang-ekonomiya, pampulitika at pang-kulturang pag-unlad batay sa sarili nilang kakayanan at nang walang panlabas na panghihimasok. Kasama rito ang usapin ng teritoryo, pampulitikang awtonomiya, pamamahala ng lupa at mga likas na yaman sa kanilang mga teritoryo at lupang ninuno, paggamit ng sariling wika, kustombre at tradisyon, at kalayaan sa pananampalataya.



Sa partikular, bubuwagin ang National Commission on Indigenous People (NCIP) na hindi kumakatawan sa katutubong mamamayan. Ibabasura o aamyendahan ang mga batas, patakaran, proyekto at kasunduan na lumalabag sa karapatan ng katutubog mamamayan at Bangsamoro. Kabilang dito ang Indigenous People's Rights Act (IPRA), mga kaugnay na probisyon sa Konstitusyong 1987, mga makaisang panig na kasunduan kaugnay ng pagmimina, pagtotroso, pagtatayo ng dam, plantasyon at planta ng kuryente, at iba pang tinaguriang "development" projects at mga maanomalyang Certificate of Ancestral Land Titles

(CALTs), Certificate of Ancestral Domain Titles (CADTs), at Ancestral Domain Sustainable Development Protection Plan (ADSDPP). Ipapasa ang isang bagong batas na tumitiyak sa kanilang karapatan sa sariling pagpapasya.

**7. Ano ang nilalaman ng CASER patungkol sa soberanya sa eknomiya para sa pambansang pag-unlad?**

Susi sa pag-unlad ng anumang ekonomiya ang angkop na mga patakaran sa panlabas na kalakalan at pamumuhunan, at sa mga aspetong pampinansya. May dalawang mayor na bahagi ang CASER sa mga usaping ito:




***A. Makabayan at progresibong relasyong panlabas sa ekonomiya at kalakalan***

Sa panukalang CASER ng NDFP, ang relasyong panlabas sa ekonomiya ay babaguhin upang sumuporta sa mga layunin ng pambansang kaunlaran na inilatag sa mga naunang bahagi ng kasunduan.


Itatakwil ang mga neoliberal na patakarang liberalisasyon, pribatisasyon, deregulasyon at denasyunalisasyon na dikta ng mga kapitalistang bansa sa pangunguna ng US at ng mga international multilateral agencies tulad ng IMF, WB, WTO, Asian Development Bank at iba pa. Rerepasuhin at kung kinakailangan ay iaatras ang pagsapi ng Pilipinas sa mga ahensyang ito kabilang na rin sa Asia Pacific Economic Cooperation (APEC). Itatakwil din ang mga makaisang panig na free trade agreement (FTA) at bilateral investment treaty (BIT) sa ibang bansa. Ititigil ang panghihimasok at panggagantso ng mga malalaking kapitalistang bansa sa pamamagitan ng kanilang Official Development Aid (ODA). Ang lahat ng ito'y nagpapanatili sa Pilipinas bilang malakolonyal at malapyudal na ekonomiyang bukas sa pandarambong ng mga dayuhang monopolyo kapitalista.

Ihihinto ang sobrang pagpapakandili ng ekonomiya sa US at Japan at palalawakin ang relasyong ekonomiko sa mga bansa sa Silangang Asya, sa tinaguriang BRICS countries (Brazil, Russia, India, China, South Africa) at iba pang bansa sa Ikatlong Daigdig (Third World).

Titiyakin na ang pagpasok ng dayuhang puhunan at kalakal ay hindi makakapinsala sa lokal na agrikultura, industriya at serbisyo, bagkus ay makakatulong sa paglago nito. Bibigyan ng prayoridad ang mga negosyanteng Pilipino sa mga insentibo at suporta sa pautang, buwis, taripa, foreign exchange at iba pa. Kokontrolin ang paglabas-masok ng dolyar at iba pang foreign currency para hindi bulnerable sa mga malalaking ispekulador at maiwasan madiskaril ang lokal na ekonomiya. Ang oryentasyon ng mga export processing zones at enklabo ay babaguhin upang umayon sa layunin ng pambansang industriyalisasyon, tumugon sa pangangailangan ng lokal na merkado at maseguro ang mga karapatan ng mga manggagawa dito.

### *B. Makabayan at progresibong patakarang pampinansya*

Ang pera ang itinuturing na dugo ng ekonomiya. Sa panukalang CASER ng NDFP, ang pamamahala sa pinansiya, kabilang ang pampublikong pangungutang, pagtakda ng pambansang badyet, suplay ng pera, patakaran sa pagbabangko, interes sa pautang, pagtakda ng foreign exchange rates, paglabas ng dayuhang kapital, pagtakda at pangongolekta ng buwis, at iba pang may kinalaman sa pera ay itutuon sa pangangailangan at pag-unlad ng mamamayang Pilipino.



Ang Bangko Sentral, mga bangko at pampinansyang institusyon ay magtitiyak na may sapat na pondo para sa mga programa ng repormang agraryo, pag-unlad ng kanayunan, at pambansang industriyalisasyon. Ang Land Bank of the Philippines ay pangunahing tutugon sa pangangailangan ng mga magsasaka at kanilang mga kooperatiba at samahan. Ang Development Bank of the Philippines naman ay tutugon sa mga pangangailangan ng mga malalaking proyektong industriyal at Pilipinong negosyante. Ang Al-Amanah Islamic Investment Bank ay tutugon sa mga partikular na pangangailangan ng Bangsamoro at mga taga-Timog Mindanao. Samantala, muling isasabansa ang Philippine National Bank upang tumugon sa pagpapaunlad ng buong ekonomiya. Ipagbabawal ang dayuhang pamumuhunan at pag-aari sa mga bangko at financial institutions upang seguruhin ang gamit ng mga

pondo nito para sa sosyo-ekonomikong pagpapaunlad ng bansa. Palalakihin ang papel ng mga manggagawa sa pagpapatakbo ng mga bangko at pampinansyang institusyon.

Itatakda ng gobyerno ang palitan ng piso sa dolyar at iba pang pera at hihigpitan ang regulasyon sa pangungutang upang maging matatag ang sistemang pampinansya at maging kapakipakinabang sa lokal na eknomya, mga proyektong pangkaunlaran at lokal na negosyo. Lilimitahan ang dayuhang pangungutang at gagawa ng mga hakbang para pigilan ang mapinsalang paglipad ng kapital mula sa bansa.

Ipapatupad ang progresibong sistema ng pagbubuwis na sumisingil nang mas malaki sa mga may kaya at mas maliit sa mahihirap. Bubuwagin ang value-added tax at lalakihan ang buwis sa mga luho at bisyo katulad ng alak, sigarilyo at sugal. Babawasan ang income tax sa mahihirap at maliliit na negosyo habang palalakihin ito sa mayayamang korporasyon at pamilya.

Bibigyan ng prayoridad sa kabang yaman ang edukasyon (6% ng GDP) at kalusugan (5% ng GDP), subsidyo sa pensyon at social security (15% ng GDP), mga pampublikong kagamitan tulad ng tubig, kuryente at transportasyon, imprastruktura at pagpapayabong sa mga produktibong sektor. Babawasan ang badyet sa militar at pagbayad sa utang at ibabasura ang batas sa awtomatikong pagbabayad ng utang pampubliko (Presidential Decree 1177). Bubuwagin ang sistema ng pork



barrel. Mamumuhunan ang gobyerno sa mga proyektong magluluwal ng maraming trabaho.

Palalakasin ang mga batas at patakaran kontra korapsyon at maglulunsad ng mga kampanya para linisin ang gobyerno ng mga korap at abusadong opisyal.

**8. Paano ipapatupad ang CASER?**

Kapag napagkasunduan, ang CASER ay ipapatupad ng GRP at NDFP sa kani-kaniyang saklaw at proseso hanggang marating ang pinal na resolusyon ng armadong labanan. Sa bahagi ng GRP, idadaan nito sa kanyang mga angkop na sangay at departamento ang pagpapatupad ng mga probisyon ng CASER, kabilang ang pagpasa ng mga bagong batas at patakaran at pag-amyenda ng Konstitusyon ng Pilipinas.

Sa bahagi ng NDFP, idadaan ito sa pamamagitan ng kanyang mga organo ng kapangyarihang pampulitika, mga pangmasang organisasyon at ng NPA.

Mananatiling epektibo ang CASER kahit na magpalit ang liderato ng bawat panig at anuman ang kalalabasan ng negosasyong pangkapayapaan.

**9. Ano ang magagawa ng karaniwang mamamayan para isulong ang CASER at usapang pangkapayapaan?**

Nilalaman ng CASER, partikular ang panukala ng NDFP, ang mga batayang kahilingan ng masa at karaniwang mamamayang Pilipino para sa sapat na trabaho at kabuhayan, maayos na serbisyo, hustisyang panlipunan, pambansang kaunlaran at kulturang progresibo. Makakamit lamang ito kung maipaparamdam sa magkabilang panig,

GRP at NDFP, ang malakas at malawak na suporta rito ng mamamayan.

Kung gayon, mahalagang magpahayag tayo ng suporta sa usapang pangkapayapaan, partikular sa panukalang CASER ng NDFP. Magagawa natin ito bilang indibidwal at bilang bahagi ng mga organisasyon o grupong ating kinapapalooban. Ipaalam natin sa ating mga kamag-anak at kaibigan ang tungkol sa usapang pangkapayapaan at CASER. Mas mainam kung ang ating mga organisasyong kinapapalooban ay pormal na makapaglalabas din ng sarili nitong pahayag ng pagsuporta.

Lumahok tayo sa mga pagkilos at aktibidad na tumatalakay sa mga isyung kaugnay ng usapang pangkapayapaan. Gamitin natin ang CASER bilang dagdag na larangan ng paggigiit ng ating mga pang-sosyoekonomiyang kahilingan. Idiin natin na hindi matatapos ang armadong labanan hanggat hindi nabibigyan ng tunay at kongkretong solusyon ang ugat ng kahirapan at pang-aapi sa ating bayan.

BAYAN

**Bagong Alyansang Makabayan**
*Enero 2017*